<u>Mensahe Tungkol sa Bagyo para sa website ng RRU at EM Centre</u>

Mga Pananadaliang Hakbang sa Pag-iingat Habang Umiiral ang mga Signal ng Bagyo

Habang papalapit sa Hong Kong ang Super Typhoon Mangkhut at maaaring magdulot ng masamang lagay ng panahon, nais ipaalala ng Home Affairs Department sa etniko minoryang komunidad (EM) ang mga sumusunod na panandaliang hakbang sa pag-iingat kapag umiiral ang mga signal ng bagyo na inisyu ng Observatory –

<u>Kapag ang Strong Wind Signal No.3 ay umiiral –</u>

(a) siguruhing ang mga bagay na maaaring lumipad sa hangin ay ligtas na naikabit o naipasok sa loob. Ang mga nasa ibabaw na pasilidad at pansamantalang istrukturang nasa labas ay dapat ligtas na nahigpitan ang pagkakabit o pagkapatong;

(b) dapat linisin ang mga lagusan ng tubig at tanggalin ang mga dahon at basura;

(c) ang mga taong nasa mababang lugar ay dapat maghanda para sa pagbaha. Dapat lumayo sa baybayin at huwag maglaro sa tubig;

(d) makinig sa radyo, manuod ng TV o mag-browse sa website ng Observatory at mobile app para sa karagdagang impormasyon tungkol sa bagyo;

<u>Kapag ang Gale o Bagyong Signal No.8 ay umiiral –</u>

(e) i-lock ang lahat ng bintana at pintuan, mahigpit na isara ang mga reinforced shutter at taranghakan kapag mayroon nito. Lagyan ng tape ang mga bintana upang mabawasan ang pinsalang dulot ng mga basag na salamin;

(f) iwasang tumayo malapit sa mga bintanang nasa lantad na bahagi ng tahanan. Siguruhing mayroong ligtas na lugar na mapuntahan kapag mabasag ang mga salamin;

(g) ang mga nagmamay-ari ng neon sign ay dapat patayin ang suplay ng kuryente sa mga ito;

(h) iparada ang kotse kung saan ito ay ligtas;

(i) dahil sa malakas na pag-agos ng bagyo, ang mga mababang lugar ay maaaring magkaroon ng malubhang pagbaha o pag-agos ng tubig-dagat. Iwasang pumunta sa mga lugar na malamang na maaapektuhan at mapanganib;

(j) iwasang manatili sa mga kalye at umuwi sa lalong madaling panahon hanggang maaari;

<u>Kapag Umiiral ang Papalakas na Gale o Bagyong Signal No. 9 at Hurricane Signal No. 10–</u>

(k) manatili sa loob ng bahay. Kung ikaw ay sapat na protektado sa iyong kinaroroonan, manatili dito. Huwag hawakan ang mga naputol na kable ng kuryente;

(l) huwag lumapit sa mga nakalantad na bintana at pintuan. Siguruhing mayroong ligtas na lugar na mapagkakanlungan. Ayusin lamang ang mga sirang bintana at pintuan kapag wala panganib na gawin ito;

(m) ang mga taong nasa labas ay dapat maghanap na ngayon ng ligtas na lugar at manatili doon hanggang matapos ang panganib; at

(n) manatili kung saan protektado at maging handa para sa mapanirang hangin at mga pagbabago sa direksyon ng hangin.

2. Ang mga residente ay maaari din mag-browse sa mga sumusunod na website ng Observatory para sa mas makatuturang impormasyon –
http://www.hko.gov.hk/informtc/precaution.htm

3. Hinihikayat din namin kayo na ikalat ang impormasyong nasa itaas sa komunidad ng EM. Pinapaalahanan din namin ang komunidad ng EM na masugid na subaybayan ang pinakabagong impormasyon tungkol sa bagyo mula sa Observatory at magsagawa ng mga panandaliang hakbang sa pag-iingat.

4. Kapag ang bagyong signal No.8 o mas mataas pa ay umiiral, bubuksan ang mga pansamantalang silungan kung kailan kinakailangan. Ang listahan ng pansamantalang silungan ay makikita sa website ng Home Affairs Department –
https://www.had.gov.hk/en/public_services/emergency_services/emergency.htm

5. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa serbisyong emergency relief kapag ang bagyong signal No.8 o mas mataas pa ay umiiral, mangyaring tawagan ang aming Emergency Hotline sa 2835 1473. Ang Hotline ng CHEER Centre para sa serbisyong interpretasyon na 3755 6811/ 3755 6822/ 3755 6833 ay patuloy na tatakbo.

Race Relations Unit
Home Affairs Department

Tagalog Version